# أحكام الحج والعمرة

مركز أصول
ترجمة
أحمد جبريل سالاس

مراجعة
محمد طه علي

PHILIPPINE
PI LI PI NO
فلبيني

ⓒ **جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة، ١٤٤٣هـ**

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر**

مركز أصول

أحكام الـحج والـعمرة. اللغة الفلبينية . / مركز أصول؛ أحمد جبريل سالاس - ط٢ . -

الرياض، ١٤٤٣هـ

٧٦ ص، ١٢ سم x ١٦,٥ سم

ردمك : ١-٠٢-٨٣٥٢-٦٠٣-٩٧٨

١- الحج، أ. سالاس، أحمد جبريل (مترجم) ب. العنوان

**ديوي ٢٥٢,٥** **١٤٤٣/٢٠٢٨**

**رقم الايداع: ١٤٤٣/٢٠٢٨**

**ردمك : ١-٠٢-٨٣٥٢-٦٠٣-٩٧٨**

OsoulCenter
www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osool International Centre. All photos used in the book belong to the Osool Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osool Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osool Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com


بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain



# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Ang Panimula | 9 |
| Mga Mahahalagang Payo | 11 |
| Ang Mga Nakapagpapawalang-Bisa Ng Islam O Iman | 17 |
| Paano Isagawa Ang Hajj, Umrah, At Ziyarah (Pagdalaw Sa Masjid Ng Propeta ﷺ)? | 25 |
| Ang Pagsasagawa Ng Umrah | 28 |
| Ang Pagsasagawa Ng Hajj | 34 |
| Mga Tungkulin Habang Nasa Kalagayan Ng Ihram | 41 |
| Ang Pagdalaw Sa Masjid Ng Propeta (ﷺ) Sa Madinah | 44 |
| Ang Mga Pagkakamali Na Kadalasang Nagagawa Ng Ibang Nagsasagawa Ng Hajj | 48 |
| Mga Maiikling Tagubilin Para Sa Mga Nagsasagawa Ng Hajj, Umrah At Pagdalaw Sa Masjid Ng Sugo (ﷺ) | 60 |



# Ang Panimula

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah lamang, ang Tangi at Nag-iisang tunay na Diyos. Nawa'y ang Kanyang pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob Niya sa Kanyang Huling Sugo, si Muhammad bin Abdullah, sa kanyang pamilya, at sa kanyang mga kasamahan.

Ang maikli nguni't madaling maunawaang alituntuning ito ay malugod na inilalahad sa lahat ng Muslim na naglalayong magsagawa ng **Hajj** sa Banal na Tahanan (Makkah) ng Dakilang Allah. Ito ay isang aklat na binigyan ng kaukulang balangkas para sa ilang mga ritwal ng Hajj at Umrah upang inyong mapag-aralan at inyong sanayin ang inyong mga sarili sa wastong pagsasakatuparan nito. Aming sinimulan ito sa pamamagitan ng ilang mahahalagang paalaala para sa aming sarili at sa inyo, ayon sa kapahayagan at sinabi ng Allah - ang Kataas-taasan - tungkol sa Kanyang mga alipin na tumatanggap ng kaligtasan at tagumpay sa mundong ito at maging sa Kabilang Buhay.

**{…At (sila na) nagpapayuhan sa isa't isa ng katotohanan, at nagpapayuhan sa isa't isa ng pagtitiis}. [Qur'an 103:03]**

At bilang pagsunod sa sinabi ng Allah - ang Kataas-taasan: **{…At magtulungan kayo sa Birr[1] (gawang kabutihan) at Taqwa[2] (damdamin ng pagmamahal at takot sa Allah). Subali't huwag kayong magtulungan sa isa't isa sa (gawaing) makasalanan at (gawang) pagsuway…}. [Qur'an 5:02]**

Kami ay umaasa na inyong pagtutuunang basahin ang maikling aklat na ito bago magsimula ang mga naitakdang ritwal ng Hajj upang kayo ay masanay kung ano ang mga wasto at nararapat gawin. Katiyakan na inyong matatagpuan dito - Insha Allah - ang mga kasagutan para sa inyong mga katanungan.

---

1 **Al-Birr:** Ito ay isang katangian ng isang Muslim na kinabibilangan ng lahat ng uri ng kabutihan at pagsunod sa kautusan ng Allah na ipinag-aanyaya sa kapwa tao sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kabanalan, pagiging matuwid at masunurin sa bawa't kautusan ng Allah. Batay sa *Ayah* bilang 177 (ng Surah Al-Baqarah) ang **Birr** ay (isang katangian na) maniwala sa Allah, at sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa Aklat, sa mga Propeta at ang pamamahagi ng inyong yaman sa kabila ng pagmamahal dito para sa mga kamag-anakan, sa mga ulila at sa mga dukha at mga naglalakbay at yaong humihingi at pagpapalaya ng mga alipin, pagsasagawa ng pagdarasal at pagbibigay ng *Zakah* at tumutupad ng kanilang mga kasunduan at matiisin sa (panahon ng) labis na paghihikahos at (malubhang) karamdaman at sa panahon ng pakikipaglaban. [Karagdagan mula sa Tagasalin]

2 **At-Taqwa:** Ito ay salitang nagpapahiwatig ng damdamin ng pagkatakot, pagmamahal, pagsunod, at pagsuko sa Allah. Ang pagkakaroon ng Taqwa ang siyang dahilan kung bakit ang isang tunay na Muslim ay natututong magpakumbaba sa Allah at harapin nang may katapatan ang lahat ng tungkuling hinihingi ng Islam sa kanya. Ang mga itinakdang tungkulin ay ang *Salah* (pagdarasal), pagbabayad ng Zakah at Sadaqah, pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, ang paglalakbay sa Makkah (Hajj), *Jihad* (ang pakikibaka sa Landas ng Allah) at marami pang iba. [Karagdagan mula sa Tagasalin].

Dumalangin tayo sa Dakilang Allah na nawa'y tanggapin Niya ang ating Hajj, ang ating mga pagsisikap at mabubuting gawa.

**Nawa'y ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay igawad Niya sa ating lahat.**

## Mga Mahahalagang Payo

**O, kayong mga magsasagawa ng Hajj, purihin natin ang Allah na Siyang nagpatnubay sa inyo upang magkaroon ng kakayahang gampanan ang tungkulin ng Hajj sa Kanyang Banal na Tahanan (sa Makkah). At hilingin natin sa Kanya na nawa'y tanggapin Niya ang ating mga mabubuting gawa at dagdagan Niya ang gantimpala para sa inyo at sa amin.**

Aming ilalahad sa inyo ang mga payo at paalaalang ito kalakip ng pag-asang tanggapin nawa ng Dakilang Allah ang ating pagsasagawa ng Hajj at ang ating pagsisikap na tuparin ito sa abot ng ating kakayahan.

1. Alalahanin ninyo na kayo ay nasa pinagpalang paglalakbay, ang paglalakbay na batay sa paniniwala sa **Tawheed** (Kaisahan ng Allah), ang katapatan sa

Kanya, ang pagtalima sa Kanyang panawagan, ang pagsunod sa Kanyang Kautusan - umaasang matamo ang Kanyang gantimpala, at ang pagsunod sa Kanyang Sugong si Muhammad (ﷺ), sapagka't ang gantimpala ng **Hajj Mabrur**[1] (na tinanggap ng Allah) ay walang iba kundi ang Hardin ng Walang Hanggan (Paraiso).

2. Mag-ingat kayo laban sa kasamaan (panunulsol, udyok at bulong) ng Satanas na laging nagtatangkang gumawa ng kaguluhan o alingasngas sa pagitan ninyo, sapagka't tunay na siya ay inyong hayag na kaaway na nakaabang sa inyo tuwina. Magmahalan kayo sa isa't isa bilang magkakapatid at iwasan ang pagtatalo at pagsuway sa Dakilang Allah. Alalahanin ang tagubilin ng Sugo ng Allah (ﷺ) nang kanyang sinabi:
**"Walang sinuman sa inyo ang (maituturing na) tunay na naniniwala hanggang hindi niya minamahal para sa kanyang kapatid ang anumang kanyang minamahal para sa kanyang sarili." [Al-Bukhari]**

3. Sumangguni sa mga maalam, mabuti at mapagkakatiwalaang Muslim sa anumang paksang nauukol sa relihiyon, o hinggil sa Hajj upang inyong makamtan ang tamang kasagutan nito.

---

1 Hajj Mabrur. Isinalaysay ni Abu Hurairah: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang (pagsasagawa ng) Umrah ay kapatawaran (ng mga kasalanan) sa pagitan ng mga ito (ng dalawang Umrah). At ang gantimpala ng al-Hajj al-Mabrur (ang Hajj na tinanggap ng Allah) ay walang iba kundi ang Paraiso." Sahih Al-Bukhari Vol. (3), Hadith Bilang (1).

Sinabi ng Dakilang Allah:

**{…Kaya, magtanong kayo sa may Kaalaman, kung hindi ninyo nalalaman}. [Qur'an 21:07]**

At ayon din sa sinabi ng Propeta (ﷺ):

**"Ang sinumang nais pagkalooban ng Allah ng kabutihan, Kanyang ipagkakaloob sa kanya ang malalim na pagka-unawa sa relihiyong (Islam)." [Al-Bukhari at Muslim]**

4. Dapat na malaman na ginawa ng Allah ang ibang mga gawain bilang **Fardh** (ubligado), at ang ibang gawain bilang **Sunnah** (kusang-loob). At hindi tinatanggap ng Dakilang Allah ang gawaing Sunnah mula sa isang Muslim na walang pagpapahalaga o nagpapabaya sa mga gawaing Fardh. Kung minsan ay nakalilimutan ng ilan sa mga nagsasagawa ng Hajj ang katotohanang ito, na sila ay nananakit sa kanilang kapwa sa pamamagitan ng kanilang mararahas na pagtutulakan upang mahalikan ang **Hajarul Aswad** (Batong Itim) o sa kanilang pagmamadali sa pagsasagawa ng **Tawaf** (ang pag-ikot sa palibot ng Ka'bah), o sa kanilang pagsasagawa ng Salah sa likuran ng **Maqamu Ibrahim** (ang lugar na kinatayuan ni Propeta Ibrahim sa harap ng Ka'bah) o sa kanilang pag-inom sa tubig ng **Zamzam** at sa iba pang mga ritwal. Ang mga naturang ritwal ay mga Sunnah, nguni't ang pananakit sa kapwa Muslim

ay Haram (ipinagbawal); kaya paano ninyo gagawin ang isang Sunnah samantalang kayo ay gumagawa ng gawaing Haram? Samakatuwid, iwasan ang manakit sa isa't isa at maging maingat sa pagsasakatuparan ng bawa't gawain. Nawa'y kahabagan kayo ng Dakilang Allah at pagkalooban ng dakilang gantimpala.

**Nais naming bigyang-liwanag ang mga sumusunod:**

**a.** Hindi nararapat sa isang lalaking Muslim na magsagawa ng kanyang Salah sa tabi o sa likuran ng isang babae sa **al-Masjid al-Haram** (ang Sagradong Masjid), o sa ibang lugar sa anupamang dahilan, hanggang kaya niya itong iwasan. Ang mga kababaihan ay nararapat na magsagawa ng kanilang Salah sa likuran ng mga kalalakihan.

**b.** Hindi dapat na magsagawa ng Salah sa mga daraanan o patunguhan sa loob ng al-Masjid al-Haram o sa mga pintuan o lagusan nito, sapagka't ito ay nakapipinsala at nakasasagabal sa daloy ng mga taong labas-masok sa loob ng Masjid.

**c.** Hindi pinahihintulutan na harangan o hadlangan ang mga nagsasagawa ng **Tawaf** (pag-ikot sa palibot ng Ka'bah), sa pamamagitan ng pag-upo o pagsasagawa ng Salah sa malapit na lugar sa Ka'bah o ang pagtayo sa Hijr o sa **Maqamu Ibrahim** kapag ang lugar ay

punung-puno ng tao, sapagka't ito ay nakapipinsala at maaaring maging sanhi ng kapahamakan sa ibang tao.

d. Ang paghalik sa **al-Hajar al-Aswad** ay isang Sunnah, nguni't ang pangangalaga sa dangal ng isang Muslim ay isang tungkulin (Fardh). At huwag ipagwalang-bahala o sayangin ang isang Fardh para isagawa ang isang Sunnah. Kapag ang lugar ay matao, sapat na isenyas o itaas ang kamay sa dakong kinaroroonan ng Hajarul Aswad, at bigkasin ang:

**"Allaahu Akbar"**

**(ang Allah ay Dakila)**

At nararapat na maging mahinahon at marahan ang inyong paglabas mula sa pagsasagawa ng Tawaf.

e. Isang **Sunnah** (hindi ubligado) na kapag nakarating sa sulok ng **al-Rukn al-Yamani**[1] ay hawakan ito ng kanang kamay at bigkasin o sabihin ang:

**"Bismillaahi, Allaahu Akbar"**
**(Sa Ngalan ng Allah, ang Allah ay Dakila)**

Datapuwa't ang paghalik dito ay hindi ipinag-utos. Kung ang isang nagsasagawa ng **Tawaf** (pag-ikot sa palibot ng Ka'bah) ay walang kakayahang hawakan ito, dapat niyang ipagpatuloy ang pagsasagawa ng Tawaf, at hindi

1 Ang **Rukn Yamani** ay ang sulok ng Ka'bah bago umabot sa sulok na kinalalagakan ng al-Hajar al-Aswad (Batong Itim).

niya dapat itaas o isenyas ang kanyang kamay sa dakong kinaroroonan nito o magsabi kaya ng **Takbir**[1], sapagka't hindi ito isinagawa ni Propeta Muhammad (ﷺ). Isang **Mustahab** (kanais-nais na gawin) na bigkasin (bilang panalangin o pagsusumamo) sa pagitan ng al-Rukn al-Yamani at al-Hajar al-Aswad ang:

**"Rabbana atina fid dunya hasanatan, wa fil akhirati hasanatan, wa qina adhaban Naar."**

**{(O), aming Rabb (Panginoon)! Pagkalooban Mo kami ng kabutihan sa mundong ito at kabutihan sa Kabilang Buhay, at iligtas Mo kami sa parusa ng Apoy}. [Qur'an 2:201]**[2]

At sa huli, ang pinakamagandang payo na aming maipagkakaloob sa inyong lahat ay ang maging matapat sa pagsunod sa aral ng Banal na Qu'ran at Sunnah. Sinabi ng Dakilang Allah:

**{At sundin ninyo ang Allah at ang Sugo (Muhammad ﷺ), baka sakaling kayo ay kahabagan (ng Allah)}. [Qur'an 3:132]**

---

1 **Takbir:** Ito ay ang pagsabi ng: **"Allaahu Akbar"** (ang Allah ay Dakila).

2 Ayon sa pag-ulat ni Abu Daud.

# Ang Mga Nakapagpapawalang-Bisa Ng Islam O Iman

## Mga Kapatid na Muslim:

Dapat ninyong malaman na may mga bagay na nagpapawalang-bisa ng inyong pananampalataya sa Islam. Babanggitin namin ang sampung bagay na madalas nangyayari. Kaya naman, ang mga ito ay dapat iwasan:

**UNA:** Ang **Shirk** (Pagbibigay katambal sa Allah). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…Katotohanan, sinuman ang magtambal sa Allah, tunay na ipagbabawal ng Allah ang Paraiso sa kanya at ang Apoy ang kanyang magiging tahanan. At sa mga Dhalim[1] ay walang makatutulong}. [Qur'an 5: 72]**

Kabilang sa mga uri ng **Shirk** ay ang pagdalangin sa mga patay, paghingi ng tulong sa kanila, pagbibigay ng panata o panunumpa sa kanila, at ang pagkatay o pag-alay ng hayop para sa kanila.

1 **Dhalim (pang-isahan) o Dhalimeen (pangmaramihan).** Ito ay isang salita mula sa wikang Arabik na tumutukoy sa lahat ng taong makasalanan, di-makatarungan, mapaggawa ng katampalasanan sa pamamagitan ng pang-aabuso, pang-aapi sa kapwa, at suwail na lumalabag sa hangganang kautusan ng Allah. Sila na kung ipagkaloob sa kanila ang kapangyarihan ay mapaniil na umaalipin sa mga mahihinang tao.

**IKALAWA:** Ang sinumang magbigay ng mga tagapamagitan sa sarili at sa Allah, na dumadalangin sa kanila, humihingi ng kanilang pamamagitan sa Allah at ipinagkakaloob ang pagtitiwala (o pananalig) sa kanila, ay nakagawa ng **Kuf'r**[1] (kawalang-pananampalataya).

**IKATLO:** Sinuman na hindi nagtuturing sa mga **Mushrik**[2] bilang mga **Kafir**[3] (di-mananampalataya) o mayroong alinlangan sa kanilang pagiging Kafir o di kaya isinasaalang-alang ang kanilang mga gawain bilang tama. Siya ay itinuturing bilang isang Kafir (taong di-nananampalataya).

**IKAAPAT:** Sinuman ang naniniwala na ang ibang patnubay

---

1 **Kufr**. Ito ay pagtakwil sa katotohanan at kawalan ng pananampalataya o paniniwala sa mga haligi ng Islamikong Pananampalataya: ang paniniwala sa Allah bilang Nag-iisang Diyos na dapat sambahin, ang paniniwala sa Kanyang mga Anghel, ang paniniwala sa Kanyang mga Sugo at Propeta, ang paniniwala sa mga Kasulatan o Kapahayagan, ang paniniwala sa Araw ng Pagkabuhay na muli o Paghuhukom, at ang paniniwala sa **Qadar** (Tadhana). Ang isang tao na nagkasala ng **Kufr** ay tinatawag na **Kafir** (o sa pangmaramihang bilang**: Kafirun**)

2 **Mushrik o Mushrikun**. Sila ang mga pagano o taong sumasamba sa mga diyus-diyusan tulad halimbawa ng mga rebulto, santo at santa, Propeta, mga Anghel, mga larawan o mga bagay na nasa kalawakan tulad ng araw, bituin, at planeta.

3 **Kafir o Kafirun**- Sa pananaw ng Islam, ang **"Kafir"** (pang-isahan) ay may isang kahulugan, yaong taong tumatanggi at nagtatakwil sa katotohanan. Kaya, ang **Kafirun** o **Kuffar** (pang-maramihan) ay mga taong walang paniniwala, pananampalataya, at pananalig sa Allah at sa mga Batas na ipinahayag Niya. Sila ay mga taong nagtakwil sa Kaisahan ng Allah (hindi kumikilala sa Allah bilang Tanging Isang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba, at hindi tinanggap ang Kapahayagan (ang Qur'an) at pinabulaanan ang pagiging tunay na Propeta ni Muhammad (ﷺ).

ay ganap bukod pa sa patnubay ng Sugo ng Allah (ﷺ), o naniniwala na ang ibang batas bukod sa batas o hatol ng Propeta (ﷺ) ay higit na mabuti, katulad ng mga taong higit na nais ang pamamahala ng mga **Thaghut**[1] kaysa sa pamamahala ng Propeta (ﷺ). Magkagayon, siya ay nagiging isang Kafir.

(Batay sa ikaapat na dahilan na binanggit sa itaas), kabilang dito ang mga sumusunod na nagiging sanhi na kawalang-bisa ng pagiging Muslim ng isang tao:

**i.** Ang paniniwala na ang mga alituntunin at mga batas na ginawa lamang ng tao ay higit na mabuti o mahusay kaysa sa Batas ng Islam (**Shari`ah**).

- **a.** O di kaya naman (ang paniniwala na) ang batas ng Islam ay hindi angkop para ipatupad sa kasalukuyang panahon.
- **b.** O di kaya (ang paniniwala na) ang Islam ay siyang dahilan o sanhi ng kawalang kaunlaran ng mga Muslim.

---

1 **Thaghut:** Sa **Ayah** (talata) na ito, ang tinutukoy na Thaghut ay ang sinumang tao o anumang pamamaraan na sinusunod sa halip na sundin ang Batas ng Islam. Nguni't, ang salitang Thaghut ay sumasaklaw sa malawak na kahulugan nito. Ang kahulugan nito ay anumang bagay na sinasamba maliban sa Tunay na Diyos (Allah), nguni't ang sinumang hindi sumasang-ayon upang siya ay sambahin ay hindi kabilang dito. Ang **Thaghut** ay maaaring ang Satanas, o isang rebulto, bato, bituin, propeta, santo o santa, mga anghel, mga tao na sinasamba at itinuring bilang **Thaghut**. Kung minsan naman ang salitang **Thaghut** ay tumutukoy sa isang huwad na Hukom na nagbibigay ng huwad na paglilitis o paghuhusga. (Tafsir ibn Kathir, Qur'an 4:51)

c. O di kaya (ang paniniwala na) ang Islam ay nauukol lamang sa ugnayan ng tao at ng Kanyang **Rabb**[1] (Panginoon) at walang kinalaman at kaugnayan sa anumang aspeto ng buhay.

ii. Ang pagsabi na ang pagpapatupad ng batas at paghatol ng Dakilang Allah tungkol sa mga itinakdang pagpataw ng kaparusahan (**Hudud**) katulad ng pagputol sa kamay ng magnanakaw, o pagbato sa nakikiapid na may asawa hanggang ito ay mamatay ay hindi angkop sa kasalukuyang panahon.

iii. Ang paniniwala na pinahihintulutan o maaaring gamitin o isakatuparan ang batas na hindi ipinahayag ng Dakilang Allah, sa mga ugnayang pinahihintulutan (lawful dealing), o kaya sa pagpapatupad ng mga parusa sa kasalanang krimen at iba pa. Kahit siya ay hindi naniniwala na ang batas na ito ay nakahihigit sa Batas ng Islam (Sharia`h

---

1 **Rabb**: Ang katagang Rabb ay kadalasang isinasalin ng iba bilang katumbas ng salitang Panginoon (Lord). Subali't, bukod sa katotohanan ang huli ay isang katagang ginamit sa Bibliya, ang katagang ito ay ginagamit din kapag tinutukoy si Propeta Hesus bilang kanilang Panginoon. Ang salitang Panginoon (Lord) ay isang kataga na ang karaniwang kahulugan nito ay nakahangga lamang sa isang "guro, pinuno, may-ari o tagapamahala", na sadyang kapos at kulang sa diwa o kahulugan kung ihahambing ito sa katagang Rabb, sapagka't ang Rabb (na mula sa wikang Arabik) ay mayroong malawak na kahulugan at kahalagahan. Ang ilang mahahalagang kahulugan ng Rabb ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging Isa na nagbibigay ng Buhay at nagdudulot ng Kamatayan. Sa aklat na ito, gagamitin natin ang katagang **Rabb** na may panaklong na (Panginoon) upang maging madali sa mga mambabasa.

Islamiyah). Sapagka't sa ganitong paniniwala siya ay nagpahintulot ng isang bagay na ipinagbawal ng Dakilang Allah, at sinuman ang magpahintulot sa mga bagay na ipinagbawal ng Allah, katulad ng pakikiapid, pag-inom ng mga nakalalasing na inumin, **Riba** (pagpapatubo ng utang), at mga kahalintulad na mga bagay sa kabila na ang pagbabawal nito ay ganap na nababatid, ang gayong tao ay naging **Kafir** (walang pananampalataya) ayon sa pinagtibay at sinang-ayunang kasunduan ng mga maalam at mabubuting Muslim.

**IKALİMA:** Sinumang kinamumuhian o kinapopootan ang anumang bagay o kautusang dinala ng Sugo (ﷺ), ang kanyang Islam ay nawalan ng halaga (at itinuturing bilang isang **Kafir**) kahit pa (ang kautusan o bagay na) ito ay kanyang sinusunod (bagaman ito ay kinamumuhian at kinapopootan niya). Ayon sa sinabi ng Dakilang Allah:

**{Yaon ay sa dahilang kinamuhian nila ang anumang ibinaba (o ipinahayag) ng Allah, kaya ang kanilang mga gawa ay pinawalan Niya nang kabuluhan}. [Qur'an 47:9]**

**IKAANİM:** Sinuman ang umalipusta o kumukutya sa Dakilang Allah, o sa Kanyang Aklat, o sa Kanyang Sugo (ﷺ) o sa anumang bagay mula sa Relihiyon ng Allah, siya ay naging **Kafir**. Ayon sa sinabi ng Dakilang Allah:

**{…Sabihin mo: Ang Allah ba at ang Kanyang mga Ayat**[1]

1 **Ayat,** ito ay isang salita sa wikang Arabik na kadalasan ay tumutukoy sa mga palatandaan, kapahayagan, aral batas, at babala na ipinahihiwatig ng Allah

**(Palatandaan) at ng Kanyang Sugo (ﷺ) ang inyong inaalipusta?. Huwag na kayong magdahilan! Katotohanang kayo ay nagsitalikod na sa pananampalataya pagkaraan na kayo ay manampalataya…}. [Qur'an 9:65-66]**

**IKAPİTO:** Ang pagsasanay ng Karunungang-Itim (salamangka), na kinabibilangan ng paggawa ng kasamaan ng paghihiwalay ng mag-asawa sa pamamagitan ng pagpapalit ng pagmamahal tungo sa pagkamuhi sa isa't isa, ang panunukso sa isang tao na upang gumawa ng mga gawaing kasuklam-suklam sa pamamagitan ng makademonyong pamamaraan. Sinuman ang gumawa nito o nasiyahan sa pagsasanay nito ay tumalikod sa aral ng Islam. Ayon sa sinabi ng Dakilang Allah:

**{…At ang dalawang Anghel (Harut at Marut), ay hindi nagturo sa kaninuman (ng karunungang-itim) malibang sila ay nagsasabi: "Kami ay pagsubok lamang, kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya"}. [Qur'an 2:102]**

---

sa tao upang magkaroon ng pagkakataon na mag-isip, unawain at magnilay-nilay sa lahat ng oras. Maraming mga **palatandaan** o tanda na maaaring makita sa ating mga sarili at maging sa kapaligiran na nagbibigay pahiwatig na may Isang Makapangyarihang Diyos na dapat nating pag-ukulan ng pagsamba. Bukod sa mga **tanda**, mayroon ding mga **aral** na isinasalaysay sa atin upang maging pamantayan natin sa pagtahak sa landas ng buhay. Ang mga **kapahayagan** at **batas** naman ay nauukol sa mga banal na kasulatan na ipinagkatiwala sa mga Propeta at Sugo upang magbigay patunay tungkol sa katotohanan ng pagkakaroon ng Isang Diyos na Siyang nagbigay buhay sa atin kalakip ng tamang pamamaraan ng buhay upang sa gayon makamtan ng bawa't tao ang magandang buhay pagkaraan ng kamatayan at ang mga **babala** upang maiwasan ang anumang kapahamakan, hindi lamang sa makamundong buhay kundi higit sa lahat ang walang hanggang hantungan sa Impiyerno. (Tagasalin sa Tagalog)

**IKAWALO:** Ang pagtataguyod at pagtulong sa mga **Mushrik** (mga nagtatambal sa Allah) laban sa mga Muslim. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…At sinuman sa inyo ang tumataguyod sa kanila ay tunay ngang kabilang siya sa kanila. Katotohanang hindi pinapatnubayan ng Allah ang mga taong Dhalim (di- makatarungan)}. [Qur'an 5:51]**

**IKASİYAM:** Sinuman ang maniwala na may ilang Muslim na pinahihintulutang lumihis o tumalikod mula sa **Shari`ah** ni Muhammad (ang Batas ng Islam) ay isang **Kafir**, sapagka't ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sinuman ang maghangad ng iba pang relihiyon bukod sa Islam, kailanman ay hindi ito tatanggapin (ng Allah) sa kanya, at sa Kabilang Buhay siya ay kabilang sa mga talunan[1]}. [Qur'an 3:85]**

1 Mula sa isang **Hadith**, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"**Sa pamamagitan Niya na Siyang may tangan ng kaluluwa ni Muhammad (ﷺ), walang sinuman mula sa mga Hudyo at Kristiyano na nakarinig tungkol sa aking mensahe at pagkaraan ay namatay na hindi naniwala sa mensaheng ipinadala sa akin ng Dakilang Allah maliban na sila ay mananahanan sa Apoy ng Impiyerno.**"** (Itinala ni Muslim). At sinabi pa ng Sugo ng Allah (ﷺ) na: **"**Sinuman ang yumakap sa Islam mula sa dalawang Angkan (na pinagkalooban) ng Kasulatan (**mga Hudyo at Kristiyano**), sila ay magkakaroon ng dalawang gantimpala. Sila ay tatanggap ng mga karapatan na ating tinatamasa at sila ay nararapat magbigay ng mga karapatan tulad ng ating ipinagkakaloob. At kung sinuman ang tumanggap sa Islam mula sa mga **Pagano** (sumasamba ng mga diyus-diyusan), ay tatanggap ng kanilang gantimpala, at matatamasa rin nila ang mga karapatan na ating tinatamasa, at sila ay nararapat ding magbigay ng karapatan na ating ipinagkakaloob.**"** (Itinala ni Imam Ahmad)

**IKASAMPU:** Ang pagtalikod (at paglihis) sa Relihiyon ng Allah, o kaya sa mga aspeto (o katuruan) ng Islam na sadyang napakahalaga upang manatili sa pagsunod nito, at hindi siya nagsikap na pag-aralan o isagawa ito. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sino nga ba ang higit sa pagkakasala sa kanya na pinaalalahanan tungkol sa mga Ayat (babala, aral, kapahayagan) ng kanyang Rabb (Panginoon), at pagkatapos ay tinalikdan niya ang mga ito? Katotohanan, Aming pagbabayarin ang mga Mujrim[1] (makasalanan, mga kriminal)}. [Qur'an 32:22]**

At sinabi rin Niya:

**{…At silang mga Kafir (di-nananampalataya sa Allah) ay nagsisitalikod mula sa anumang ipinagbigay-babala sa kanila}. [Qur'an 46:3]**

Walang pagkakaiba kung ang mga naturang paglabag ay ginawa sa pamamagitan ng pagbibiro at seryoso o dahil sa takot, maliban lamang kung ito ay ginawa sa ilalim ng pamimilit.

Tayo ay humingi ng pangangalaga sa Makapangyarihang Allah laban sa mga gawain na magiging daan at sanhi ng Kanyang pagkapoot at matinding parusa.

---

1 **Mujrim (pang-isahan) o Mujrimin (pangmaramihan)**. Sila yaong mga taong kriminal, makasalanan, walang pananalig sa Allah at itinatakwil ang lahat ng paniniwala tungkol sa kabilang buhay.

# Paano Isagawa Ang Hajj, Umrah, At Ziyarah (Pagdalaw Sa Masjid Ng Propeta ﷺ)?

Ang **Hajj** ay may tatlong pamamaraan:

1. **Hajj at-Tamattu'.**
2. **Hajj al-Qiran.**
3. **Hajj al-Ifrad**.

## Ang Hajj At-Tamattu'.

Ito ay ang pagpasok sa kalagayang **Ihram** (sa pamamagitan ng pagbigkas ng **"Labbaika Umratan"**) na ang layunin ay magsagawa ng Umrah sa mga panahon ng **Hajj**[1] at pagkatapos maisagawa ang Umrah, maaari nang hubarin ang kasuotang Ihram hanggang sumapit ang ikawalong

1 Ang Hajj at-Tamattu ay ang pagsasagawa ng Umrah sa mga panahon ng Hajj. At pagkatapos magampanan ang ritwal ng Umrah, maaari nang hubarin ang kasuotang Ihram (para sa Umrah), at muling babalik sa kalagayang Ihram (para sa Hajj) sa pagsapit ng ikawalong araw ng buwan ng Dhul Hijjah upang gampanan naman ang mga ritwal ng Hajj. Ang panahon ng Hajj ay nagsisimula sa unang araw ng buwan ng Shawwal hanggang sa pagbubukang liwayway ng ikasampung araw ng buwan ng Dhul Hijjah. (Karagdagang Paliwanag ng Tagasalin).

araw ng Dhul-Hijjah. Sa araw na ito, muling magsusuot ng kasuotang Ihram at papasok muli sa kalagayang **Ihram** (sa pamamagitan ng pagbigkas ng **"Labbaika Hajjan"**) na ang layunin ay magsagawa ng Hajj, na dapat gawin mula sa Makkah o sa alinmang lugar na malapit dito sa araw na ito ng ikawalo ng Dhul-Hijjah. At ito ay sa taon din ng kanyang pagsasagawa ng Umrah.

## Ang Hajj Al-Qiran.

Ito ay ang pagpasok sa kalagayang **Ihram** (sa pamamagitan ng pagbigkas ng **"Labbaika Umratan wa Hajjan"**) na ang layunin ay magsagawa ng Umrah at Hajj nang magkasabay sa mga buwan ng **Hajj**, datapuwa't hindi maaaring hubarin ang kasuotang Ihram hanggang sa pagsapit ng araw ng pag-aalay ng **Hady** (pagkatay ng hayop bilang handog sa Allah) sa ika-10 ng buwan ng Dhul Hijjah. O ang isa pang paraan nito ay ang pagpasok sa kalagayang Ihram (para sa Umrah) sa mga buwan ng Hajj at bago magsagawa ng **Tawaf** (pag-ikot sa palibot ng Ka'bah) para sa Umrah ay nararapat na magkakaroon ng layunin ng pagpasok sa kalagayan ng Ihram para sa Hajj.

## Ang Hajj Al-Ifrad.

Ito ay ang pagpasok sa kalagayang Ihram (sa pamamagitan ng pagbigkas ng **"Labbaika Hajjan"**) na ang layunin ay magsagawa ng Hajj lamang, sa mga buwan ng Hajj mula

sa itinakdang **Miqat** (himpilan), o kaya mula sa mismong tahanan kung ito ay nasa pagitan ng Makkah at ng Miqat, o mula sa Makkah kung dito mismo naninirahan, datapuwa't mananatiling nasa kasuotan ng Ihram hanggang sa araw ng pag-aalay ng **Hady** (o pagkatay ng hayop), at kung walang dalang Hady para sa pag-alay. Itinatagubilin na baguhin ang layunin, sa halip na para sa Hajj, ito ay magiging para sa Umrah. Nang sa gayon ay magiging Hajj at-Tamattu' ito, na dapat magsagawa ng **Tawaf** (pag-ikot sa palibot ng Ka'bah), **Sa`y** (paglalakad sa pagitan ng Safa at Marwah), at ng pagpuputol ng buhok at pagkatapos ay hubarin ang kasuotang Ihram, katulad ng tagubilin ni Propeta Muhammad (ﷺ) sa mga tao na nasa kalagayan ng Ihram para sa Hajj al-Ifrad, na walang dalang Hady. At gayundin, ang dapat gawin ng nasa kalagayan ng Ihram para sa Hajj al-Qiran, na kung hindi nakapagdala ng Hady, ay itinatagubilin sa kanya na baguhin ang kanyang layunin, sa halip na para sa Hajj, ito ay magiging para sa Umrah, dahilan sa ating nabanggit sa itaas.

**PAALAALA:** Ang pinakamainam at pinakamabuting paraan ng pagsasagawa ng Hajj ay ang Hajj at-Tamattu', sa sinumang hindi nakapagdala ng Hady, sapagka't ito ang itinagubilin ng Propeta Muhammad (ﷺ) sa kanyang mga kasamahan at binigyan-diin sa kanila.

# ANG PAGSASAGAWA NG UMRAH

1. Pagdating sa Miqat, Sunnah (mabuting gawain) ang maglinis ng sarili, maligo, at maglagay ng pabango sa katawan lamang at hindi sa kasuotang Ihram. Sa mga kalalakihan, dapat na magsuot ng dalawang damit na pang-ihram ang Izar at Rida' (balabal at tapis) na higit na mainam kung ang dalawang ito ay kulay puti. Para naman sa mga kababaihan, maaaring magsuot ng kahit anong damit na nais nila, kung ito ay hindi magiging sanhi ng pagkalantad ng kanilang kagandahan at hindi natutulad o nahahawig sa mga kalalakihan at pananamit ng mga kababaihang Kafir (di-mananampalataya). Pagkatapos nito ay magkaroon ng layunin na pumasok sa kalagayan ng Ihram para sa Umrah at bigkasin ang:

   **"Labbaika Umrah"**
   **(Narito ako para sa Iyong Panawagan sa pamamagitan ng Umrah)**

   At kasunod nito ay ang Talbiyah:

   **"Labbaika allaahumma labbaik. Labbaika laa sharika laka labbaik. Innal hamda wan ni`imata laka wal mulk. Laa sharika lak."**

**“Narito ako para sa Iyong Panawagan. O, Allah! Narito ako para sa Iyong Panawagan. Narito ako para sa Iyong Panawagan. Ikaw ay walang katambal. Narito ako para sa Iyong Panawagan. Katotohanan, ang lahat ng papuri at pagpapala ay para lamang sa Iyo (O, Allah). At sa Iyo ang lahat ng Kapamahalaan. At Ikaw ay walang katambal (sa aming pagsamba).” [Al-Bukhari]**

Sa mga kalalakihan, nararapat na malakas ang pagbigkas nito, nguni’t sa mga kababaihan ay hindi dapat malakas. Pagkatapos pumasok sa kalagayan ng Ihram, dapat bigkasin nang madalas ang Talbiyah, ang pagpupuri sa Allah, at ang paghingi ng kapatawaran sa Kanya.

2. Pagdating sa Makkah, magsagawa ng pitong Tawaf (pag-ikot sa palibot ng) Ka’bah, - magsisimula sa tapat ng al-Hajar al-Aswad (Batong Itim) -, habang sinasambit o binibigkas ang Takbir (Allaahu Akbar)[1] at doon din natatapos ang isang bahagi ng Tawaf. Habang nagsasagawa ng Tawaf, purihin at luwalhatiin ang Allah, at manalangin sa Kanya sa pamamagitan ng anumang papuri o pagluwalhati at Du’a (panalangin) na kinalulugdan o kinasisiyahan at pinahihintulutan sa Islam. Isang Sunnah (mabuting gawa) na bigkasin sa

1 Ayon sa pag-ulat ni Al-Bukhari.

pagitan ng al-Rukn al-Yamani at al-Hajar al-Aswad sa bawa't pag-ikot ang:

**"Rabbana atina fid dunya hasanatan, wa fil akhirati hasanatan, wa qina adhaban Naar."**

**{(O), aming Rabb (Panginoon)! Pagkalooban Mo kami ng kabutihan sa mundong ito at kabutihan sa Kabilang Buhay, at iligtas Mo kami sa parusa ng Apoy}. [Qur'an 2:201]**

Pagkatapos ng Tawaf (pag-ikot sa palibot ng Ka'bah nang pitong ulit), magsagawa ng Salah ng dalawang Rak`ah sa likuran ng Maqam Ibrahim (Kinatayuan ni Propeta Abraham), kahit sa may kalayuan mula dito kung maaari. At kung hindi, kahit saang bahagi o lugar sa Banal na Masjid (al-Masjid al-Haram).

Sa pagsasagawa nitong Tawaf, isang Sunnah (mabuting gawa) para sa mga lalaki na ilantad o palitawin ang kanang balikat at takpan ang kaliwang balikat, sa pamamagitan ng paglagay ng gitnang bahagi ng Rida (balabal) sa ilalim ng kilikili, samantalang ang dalawang magkabilang dulo nito ay nakapatong sa kaliwang balikat (ito ang tinatawag na Idhtiba' sa wikang Arabik). At Sunnah din ang pagsasagawa ng mabilis na paglalakad na may kasamang maliliit na hakbang) sa unang tatlong pag-ikot lamang (tinatawag itong ar-Ram'l).

**3.** Magtungo sa Safa at umakyat dito[1], at bigkasin ang Salita ng Allah:

**"Innas safa wal marwata min sha`a-irillah, fa man hajjal bayta awi`tamara fala junaha alaihi an yattawwafa bihima, wa man tatawwa`a khairan fa innallaaha shakirun `aleem."**

**{Katotohanan, ang Safa at Marwah ay kabilang sa mga tanda ng Allah. Kaya, ang sinumang nagsasagawa ng Hajj sa Banal na Tahanan (Ka'bah) o nagsasagawa ng Umrah, siya ay walang sala na umikot sa mga ito (as-Sa'y). at ang sinumang gumawa ng kusang loob na kabutihan. Katotohanan, ang Allah ay kumikilala ng utang na loob, Lubos na Nakakaalam)}. [Qur'an 2:158][2]**

Sa sandaling nakaakyat na sa Safa, humarap sa dakong kinaroroonan ng Ka'bah, at itaas ang mga kamay at manalangin, at pagkatapos ay bigkasin ang Takbir (Allaahu Akbar) nang tatlong ulit. Magsumamo sa Allah at bigkasin nang tatlong ulit bilang karagdagang kabutihan.

**"Laa ilaaha illallah, wahdahu laa sharika lah, lahul mulku wa lahul hamdu, wa huwa `alaa kulli shay`in**

1 Hindi kailangan pang akyatin ang mabatong bahagi nito. Kundi sapat nang umakyat sa pinatag na gilid nito.

2 Ayon sa pag-ulat ni Muslim.

**qadir. Laa ilaaha illallaahu wahdah, anjaza wa`dah, wa nasara `abdah, wa hazamal ahzaaba wahdah."**

**(Walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang Tanging Isa na walang katambal. Sa Kanya ang kapamahalaan at ang Papuri, at Siya ay may Kapangyarihan sa lahat ng bagay. Walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang Tanging Isa lamang, tinupad Niya ang Kanyang Pangako at tinulungan Niya ang Kanyang Alipin, at tinalo Niya ang sandatahang hukbo na mag-isa lamang Siya).**[1]

Higit na kalugud-lugod na bigkasin ang panalanging ito nang tatlong ulit, nguni't walang masama kung ito ay bigkasin nang kulang sa tatlong ulit.

Bumaba mula sa Safa at gawin ang Sa'y para sa Umrah ng pitong ulit. Dapat bilisan ang paglalakad ng Sa'y sa pagitan ng dalawang haligi (poste) na kulay berde, nguni't maglakad ng karaniwang lakad bago at pagkalagpas ng mga naturang haligi (poste). Magtungo at umakyat sa Marwah at purihin ang Allah at gawin ang katulad ng ginawa sa Safa.

Walang natatanging Du'a (panalangin o pagsusumamo) na itinakda para sa Tawaf at Sa'y. Nguni't ang isang

1 Ayon sa pag-ulat ni Muslim.

nagsasagawa ng Tawaf at Sa'y ay maaaring magsagawa ng anumang kanyang makakayang papuri sa Allah at panalangin, o kaya ay magbasa ng Qu'ran, habang taimtim na binibigyang pansin ang mga papuri sa Allah at mga panalanging isinagawa ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa Tawaf at Sa'y.

4. Pagkatapos na maisagawa ang Sa'y, kailangang magpaahit o magpaikli ng buhok. Dito natatapos ang ritwal ng Umrah. Pagkatapos ng Umrah, pinahintulutan ang lahat ng ipinagbabawal sa panahong nasa kalagayan ng Ihram.

**PAALALA:** Kapag nagsagawa ng Hajj at-Tamattu', higit na mabuti ang magpaikli muna ng buhok (para sa Umrah) at sa oras ng paglisan sa kalagayan ng Ihram para sa Hajj ay saka pa lamang magpaahit nang ganap.

**PAALALA:** Kapag nagsagawa ng Hajj at-Tamattu' o Hajj al-Qiran, tungkulin ng bawa't isa nito na mag-alay ng isang tupa (na kakatayin) sa Araw ng pag-aalay (ang ikasampu ng Dhul Hijjah), o kaya'y mag-alay ng ikapitong bahagi ng kamelyo o ng baka. At kung walang kakayahan hinggil dito, nararapat na mag-ayuno ng sampung araw: Tatlong araw sa panahon ng Hajj at pitong araw pagkaraang makabalik sa sariling bayan.

**PAALALA:** Higit na mabuti kung isasagawa ang pag-aayuno

ng tatlong araw bago sumapit ang araw ng Arafah (ang ika-9 ng Dhul Hijjah). Nguni't, hindi naman isang kamalian kung isasagawa ang pag-aayuno sa loob ng tatlong araw pagkaraan ng Araw ng Eid al-Adha.

## Ang Pagsasagawa Ng Hajj

1. Kung magsasagawa ng Hajj al-Ifrad (tanging Hajj lamang) o Hajj al-Qiran (pinagsamang Hajj at Umrah), kailangang magsuot ng kasuotang Ihram sa Miqat (himpilan) na madaraanan. Nguni't, kung naninirahan sa pook o lugan nasa pagitan ng Miqat at Makkah, maaari nang magsuot ng kasuotang Ihram sa loob ng tahanan at hindi na kailangan pang pumunta sa Miqat.

   Samantalang kung magsasagawa ng Hajj at-Tamattu', kailangang pumasok sa kalagayan ng Ihram para sa Umrah sa Miqat na madaraanan at magsuot na rin ng kasuotang Ihram, at pagkatapos ay pumasok muli sa kalagayan ng Ihram para sa Hajj at magsuot na rin muli ng kasuotang Ihram sa loob ng tinitirahan mismo sa Makkah sa araw ng Tarwiyah, ito ang ika-8 ng Dhul Hijjah. Maaaring magsagawa ng Ghusl (ganap na paliligo), maglagay ng pabango sa sarili kung ito ay

madaling maisasagawa, at isuot ang damit[1] para sa Ihram. Pagkatapos ay magsabi ng:

**“Labbaika Hajjan”**

**(Narito ako para sa Iyong Panawagan sa pamamagitan ng Hajj)**

**“Labbaika allaahumma labbaik. Labbaika laa sharika laka labbaik. Innal hamda wan ni`imata laka wal mulk. Laa sharika lak.”**

**“Narito ako para sa Iyong Panawagan. O, Allah! Narito ako para sa Iyong Panawagan. Narito ako para sa Iyong Panawagan. Ikaw ay walang katambal. Narito ako para sa Iyong Panawagan. Katotohanan, ang lahat ng papuri at pagpapala ay para lamang sa Iyo (O, Allah). At sa Iyo ang lahat ng Kapamahalaan. At Ikaw ay walang katambal (sa aming pagsamba).” [Al-Bukhari]**

2. Pagkatapos nito ay magtungo sa Mina, at doon ay magsagawa ng Salah ng Dhuhr, Asr, Maghrib, Isha’ at Fajr sa kani-kanilang oras, ang mga Salah na binubuo ng apat na Rak’ah ay paiikliin ng dalawang Rak’ah lamang, nang hindi pagsasamahin.

1 Izar at Rida para sa mga kalalakihan. Ito ay dalawang pirasong tela na di-tinahi o walang tahing tela. Ito ay maihahalintulad sa anyo ng tuwalya. Ang telang itinatapis sa baywang ay tinatawag na Izar samantalang ang telang ibinabalabal sa katawan ay tinatawag na Rida.

3. Kapag sumikat ang araw sa ika-9 ng Dhul Hijjah, magtungo sa Arafah nang mahinahon at mapitagan o magalang. Dapat iwasan ang pananakit sa kapwa nagsasagawa ng Hajj, at isagawa doon ang Salah ng Dhuhr at Asr, sa paraang pinaiigsi (tig-dadalawang Rak`ah) at pinagsama sa oras ng Dhuhr ng isang Adhan, nguni't dalawang Iqamat.

   Tiyakin na nasa lugar na sakop ng Arafah, at dagdagan dito ang pagpuri sa Allah at Du'a (pagdalangin) sa Kanya habang nakaharap sa gawing direksiyon ng Qiblah at itinataas ang mga kamay katulad ng ginawa ng Sugo ng Allah (ﷺ). Ang kabuuang kapatagan ng Arafah ay pook na kung saan isasagawa ang pagtayo, at dapat manatili sa Arafah hanggang sa paglubog ng araw.

4. Kapag lumubog na ang araw, dapat magtungo sa Muzdalifah nang mahinahon at mapitagan habang binibigkas ang Talbiyah. At iwasan ang pananakit sa kapwa nagsasagawa ng Hajj. Pagdating sa Muzdalifah, magdasal ng Maghrib at Isha' na pinagsama at paikliin ang Isha' ng dalawang Rak'ah lamang. Dapat ding manatili sa Muzdalifah hanggang sa makapagdasal ng Fajr, at ang liwanag ng umaga ay tuluyang lumaganap. Pagkatapos ng Salah ng Fajr ay dapat gawing madalas ang Du'a (panalangin) sa Allah at pagpuri sa Kanya habang nakaharap sa dakong gawi ng Qiblah at

nakataas ang mga kamay bilang pagsunod sa Sunnah ni Propeta Muhammad (ﷺ).

5. Pagkaraan nito ay magtungo sa Mina bago sumikat ang araw na binibigkas ang Talbiyah. Kung ang isang nagsasagawa ng Hajj ay kabilang sa mga taong may makatwirang dahilan o nabigyan ng pahintulot katulad ng mga kababaihan at mga Muslim na mahihina ang katawan, walang masama kung sila'y magtungo sa Mina anumang oras pagkaraan ng hatinggabi. Pumulot ng pito lamang maliliit na bato sa Muzdalifah para ihagis o ibato sa Jamrat al-Aqabah. Nguni't ang ibang maliliit na bato ay doon pupulutin sa Mina. Walang masama kung ang pitong munting bato na ihahagis o ibabato sa Jamrat al-Aqabah sa Araw ng Eid ay pupulutin din sa Mina.

6. Kapag dumating na sa Mina, gawin ang mga sumusunod :

    a. Ihagis o ipukol ang pitong maliliit na bato sa Jamrat al-Aqabah, nang sunud-sunod habang binibigkas ang Allaahu Akbar[1] sa bawa't pagbato o paghagis. Itong Jamrat al-Aqabah ang pinakamalapit na Jamarat sa Makkah.

    b. Katayin ang hayop na iaalay (ang Hady) - kung kinakailangang mag-alay ng hayop. Kainin ang

1 Ayon sa pag-ulat ni Al-Bukhari.

ilang bahagi nito at ipamahagi sa mga dukha ang ibang bahagi nito.

c. Ahitin ang ulo o gupitin at paikliin ang buhok. Nguni't ang pag-ahit ay higit na mabuti para sa mga kalalakihan, samantalang sa mga kababaihan naman ay putulin ang buhok na may sukat na kasing haba ng dulo ng daliri mula sa dulo nito.

Ang ganitong pagkakasunud-sunod ay higit na mabuti, nguni't, kung ang ilan sa mga ito ay nagawa ng nauna kaysa sa iba, walang masama rito.

Kung nakatapos na sa paghagis, at pag-ahit ng ulo o pagputol ng buhok, pinahihintulutang magsagawa ng unang **Tahallul** (ang unang pagpapawalang-bisa sa kalagayan ng Ihram at panunumbalik sa karaniwang kalagayan maliban lamang sa pakikipagtalik sa asawa.

7. Pagkatapos nito, magtungo sa Makkah at magsagawa ng Tawaf al-Ifadha (Ito ay isang mahalagang bahagi ng ritwal ng Hajj), at pagkatapos ay magsagawa ng Sa'y kung nasa kalagayan ng Ihram ng Hajj at-Tamattu'. Samantalang, kung nasa kalagayang Ihram ng Hajj al-Qiran o Hajj al-Ifrad at naisagawa na ang Sa'y noon na kasunod ng Tawaf al-Qudum (unang Tawaf), hindi na kailangang magsagawa pa ng Sa'y pagkatapos ng Tawaf al-Ifadha.

At sa gayon, lahat ng mga ipinagbabawal sa panahon

nang nasa kalagayan ng Ihram ay ipinahintulot na kabilang na ang pakikipagtalik sa asawa).

Pinahihintulutan ding ipagpaliban ang Tawaf al-Ifadah at Sa'y hanggang matapos ang mga araw ng pananatili sa Mina.

8. Matapos ang Tawaf al-Ifadah at Sa'y sa araw ng Pag-aalay (araw ng Eid), muling magbalik sa Mina at gugulin doon ang gabi at ganoon din sa mga sumusunod na mga araw ng Tashriq, ika-11, 12 at 13 ng Dhul Hijjah (ang tatlong araw na ito ay tinatawag na Ayyam at-Tashriq). Wala ring masama kung magmadaling aalis sa ika-12 ng Dhul Hijjah.

9. Batuhin ang tatlong Jamarat sa loob ng dalawa o tatlong araw, pagkaraan o pagkalipas ng tanghaling-tapat sa bawa't araw na pananatili sa Mina, magsimula sa unang Jamrah (yaong pinakamalayong haligi mula sa Makkah), isusunod ang nasa gitna at ang huli ay ang Jamrah al-Aqabah. Sa bawa't Jamrah (haligi) ay pitong maliliit na bato ang ihahagis nang isa-isa na magkakasunod habang binibigkas ang Allaahu Akbar sa bawa't paghagis[1].

Pagkatapos ng pagbato sa una at sa ikalawang Jamrah, tumayo, humarap sa gawing kinaroroonan ng Qiblah, itaas ang mga kamay at manalangin sa Allah, hilingin ang

1 Ayon sa pag-ulat ni al-Bukhari.

anumang kabutihang nais sa Allah. Nguni't, pagkaraang maghagis ng bato sa Jamrah al-Aqabah (ikatlo), huwag mananatili o huminto rito upang manalangin.

Kung mananatili sa Mina ng dalawang araw lamang, nararapat na makaalis dito bago lumubog ang araw ng ikalawang araw. Kung ang araw ay lumubog bago makaalis mula sa Mina, dapat na manatili sa Mina para sa ikatlong gabi at maghagis ng bato sa susunod na araw. Higit na mabuti o mainam ang manatili sa Mina sa ikatlong gabi.

Pinahihintulutan para sa mga maysakit o may karamdaman at mahihina na magtalaga o ipaako ang pagbato o magpahalili sa iba upang ihagis ang mga bato para sa kanya. Ang naitalagang kahalili ay nararapat na maghagis o magpukol muna ng bato para sa kanyang sarili at pagkatapos ay ihagis ang mga bato ng taong nagpaako nito sa kanya habang siya ay nasa gayon ding Jamrah.

**10.** Kapag nagpasiyang lumisan patungong sariling bayan, pagkatapos gampanan ang kabuuang ritwal ng Hajj, nararapat na isagawa ang Tawaf al-Wida (pamamaalam) bago tuluyang lumisan mula sa Makkah. Ito ay dapat isagawa ng lahat maliban sa mga kababaihang may buwanang regla at yaong mga babaing dinurugo sanhi ng panganganak.

# Mga Tungkulin Habang Nasa Kalagayan Ng Ihram

Sa oras na nasa kalagayan ng Ihram para sa Hajj at Umrah ang mga sumusunod ay mga bagay na dapat tupdin bilang isang tungkulin:

1. Ang tapat na pagsunod o pagtupad sa lahat ng mga tungkuling pangrelihiyon na ipinag-utos ng Allah sa kanya, katulad ng pagsasagawa ng Salah nang sama-sama sa mga itinakdang oras nito.

2. Ang pag-iwas sa anumang ipinagbabawal ng Allah, katulad ng pagsasalita ng kalaswaan, paggawa ng mga kasamaan o kamalian at pakikipagtalo.

3. Ang pag-iwas sa pananakit sa kapwa nagsasagawa nito maging sa salita man o sa gawa.

4. Ang pag-iwas sa mga ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram, katulad ng mga sumusunod:

    a. Huwag magbunot ng buhok o magputol ng mga kuko, nguni't kung mayroon mang nalaglag sa mga ito nang hindi sinadya ay walang masama.

    b. Huwag gumamit ng pabango maging sa damit o sa

katawan o pampabangong sangkap ng pagkain at inumin. At walang masama sa nananatiling amoy ng pabango na inilagay bago isuot ang damit sa pagpasok sa kalagayan ng Ihram.

c. Huwag pumatay, manakot o tumulong sa anumang uri ng pangangaso habang nasa kalagayan ng Ihram.

d. Hindi maaaring mag-alok ng kasal sa isang babae, o magtakda ng anumang kasunduan tungkol sa pag-aasawa, maging sa kanyang sarili o sa ibang tao. Gayundin, ang pakikipagtalik at lambingan (yakapan at halikan) na may pagnanasa ay lubhang ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram. Ang lahat ng ito ay ipinagbabawal sa mga kalalakihan at kababaihan.

**Ang dalawang sumusunod na ipinagbabawal ay para sa mga kalalakihan lamang:**

1. Hindi dapat takpan ang ulo. Gayon pa man, ang paggamit ng payong, ang pagsilong sa sasakyan o ang pagpatong ng anumang bagay sa kanyang ulo ay pinahihintulutan.

2. Hindi dapat magsuot ng kamiseta o anumang damit na nakatakip sa buong katawan o ilang bahagi lamang ng katawan, at hindi rin dapat gumamit ng damit na may takip sa ulo (hooded), turban, khuff (maikli at manipis na bota). Gayon pa man, kung walang makitang Izar (ang telang ginagamit

na nasa ibabang bahagi ng katawan), pinahihintulutang magsuot ng pantalon, at kung walang makitang tsinelas, pinahihintulutan na gumamit ng khuff (bota).

- Ipinagbabawal sa mga kababaihan sa panahon ng Ihram ang magsuot ng guwantes sa kanyang mga kamay o takpan ang mukha ng niqab o tapis (burqu). Ganoon pa man, kung siya ay nasa harapan ng mga kalalakihan na hindi niya Mahram (ang lalaking maaari niyang mapangasawa) ay dapat niyang takpan ang mukha sa pamamagitan ng kanyang Hijab (ang takip sa ulo) o anumang bagay na katulad nito. Ganito rin ang dapat niyang gawin sa karaniwang panahon na wala siya sa kalagayang Ihram.
- Kung ang isang nagsasagawa ng Hajj ay nakalimot o hindi niya alam na ito ay bawal at siya ay nagsuot ng tinahing damit o tinakpan niya ang kanyang ulo o gumamit ng pabango o nagbunot ng buhok o naggupit ng kuko, siya ay walang Fidya (pagbabayad). Kailangang daglian niyang alisin o talikdan ang mga bagay na ito, kapag naalaala niya o napag-alaman niyang ito ay ipinagbabawal.
- Pinahihintulutang magsuot ng sandalyas (tsinelas) o singsing o salamin sa mata o gamit pandinig (hearing aid) o relo, sinturon upang pangalagaan ang sariling gamit katulad ng salapi o mahahalagang papeles.

- Pinahihintulutan din na magpalit ng damit at labhan ito, maghugas ng buhok at katawan, at walang masama kung ang ilang buhok ay hindi sinasadyang nalugas habang ito ay hinuhugasan.

## Ang Pagdalaw Sa Masjid Ng Propeta (ﷺ) Sa Madinah

1. Ang pagtungo sa Madinah sa anumang oras na may layuning dumalaw sa Masjid ng Propeta (ﷺ) at magsagawa dito ng Salah ay isinasaalang-alang bilang Sunnah (mabuting gawa). Sapagka't ang pagsasagawa ng Salah sa Masjid ng Propeta (ﷺ) ay higit na mabuti kaysa sa isang libong Salah sa alinmang Masjid maliban sa al-Masjid al-Haram sa Makkah.
2. Walang kinakailangang Ihram o Talbiyah para sa pagdalaw sa Masjid ng Propeta (ﷺ). At wala rin itong kaugnayan sa pagsasagawa ng Hajj.
3. Pagdating sa Masjid ng Propeta (ﷺ), ang pagpasok dito ay unang ihakbang ang kanang paa, at bigkasin ang: Bismillah[1] (Sa Ngalan ng Allah) at manalangin sa

1 Ayon sa pag-ulat ni Ibn as-Sunni.

Allah na nawa'y pagpalain Niya si Propeta Muhammad (ﷺ) at buksan Niya ang pintuan ng Kanyang Awa para sa iyo. At pagkaraan ay manalangin ng:

**"A`udhu billaahil `adheem, wa wajhihil kareem, wa sultaanihil Qadeem minash shaitaanir rajeem. Allaahummaf-tah li abwaaba rahmatik."**

**(Ako ay humihingi ng pangangalaga sa Allah, ang Dakila, sa Marangal Niyang Mukha, at sa Kanyang walang hanggang Kapangyarihan laban sa isinumpang Satanas. O, Allah! Buksan Mo ang mga pinto ng Iyong Habag para sa akin[1]).**

Ito rin ay itinagubiling gawin sa pagpasok sa lahat ng Masjid.

4. Pagkatapos pumasok sa Masjid ay magsagawa agad ng dalawang Rak'ah na Salah bilang **Tahiyyatul Masjid** (Paggalang sa Masjid). Higit na kaaya-aya at mabuti kung ito ay maisagawa sa tabi ng Rawdah[2], at kung hindi maaari, kahit saang lugar sa loob ng Masjid ng Propeta (ﷺ).

5. Pagkatapos ng Salah, magtungo sa libingan ng Propeta (ﷺ) at tumayo sa harap nito nang may diwa ng paggalang at pagmamahal, at magsabi nang marahan at malumanay na pagbigkas ng:

---

1 Ayon sa pag-ulat ni Abu Daud.

2 Ito ang pook sa pagitan ng bahay ng Propeta (ﷺ) at ng kanyang Minbar (lugar na kanyang kinatatayuan sa pagbibigay niya ng talumpati).

**“Assalaamu alaika, ayyuhan nabiyyu, wa rahmatullaahi wa barakaatuh.” (Sumaiyo nawa, O Propeta (ﷺ) ang Kapayapaan, Habag at Pagpapala ng Allah).**

At pagkaraan nito, mag-Du’a (o manalangin)[1] sa Allah na nawa’y pagpalain Niya si Propeta Muhammad (ﷺ) at ipagkaloob sa kanya ang kapayapaan. Maaari ring idagdag ang Du’a na ito kung nanaisin:

**“Allaahumma atihil wasilata wal fadilata wab `athhul maqamal mahmuda alladhi wa `adtahu. Allaahummaj zihi `an ummatihi afdalal jaza’.” (O, Allah! Ipagkaloob Mo sa kanya ang isang pamamagitan at pagkabukod-tangi, at itaas Mo siya sa pinagkapupuring antas na siyang ipinangako Mo sa kanya. O, Allah! Bigyan Mo siya ng gantimpala para sa kanyang Ummah (mamamayan) na pinakamabuting gantimpala).**

At pagkatapos ay lumakad sa gawing kanan sa harap ng libingan ni Abu Bakr. Bumati ng Salam sa kanya at manalangin na nawa’y ipagkaloob sa kanya ang Habag, Kapatawaran at Lugod ng Dakilang Allah.

---

1 Dapat sabihin o bigkasin ang sumusunod:
“Allaahumma salli ala Muhammad, wa ala ali Muhammad, kama sallaita ala Ibrahima wa ala ali Ibrahim, innaka Hamidun Majeed. Allaahumma barik ala Muhammad, wa ala ali Muhammad, kama baarakta ala Ibrahima wa ala ali Ibrahim, innaka hamidun Majeed.”
(O Allah! Pagpalain Mo si Muhammad at ang mga pamilya ni Muhammad, katulad ng pagpapala Mo kay Ibrahim at sa mga pamilya ni Ibrahim. Katotohanan, Ikaw ay Tigib ng Papuri at Kadakilaan. O Allah! Biyayaan Mo si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad, katulad ng pagbigay Mo ng Biyaya kay Ibrahim at sa mga pamilya ni Ibrahim. Katotohanan, Ikaw ay Tigib ng Papuri at Kadakilaan). [Al-Bukhari]

At pagkatapos ay muling umusog ng kaunti sa gawing kanan sa harap ng libingan ni Umar. Bumati ng Salam sa kanya at manalangin na nawa'y ipagkaloob sa kanya ang Habag, Kapatawaran at Lugod ng Dakilang Allah[1].

6. Ito ay Sunnah na magsagawa ng Wudu' (padalisayin ang sarili) at dumalaw sa Masjid Quba at magsagawa rito ng Salah, sapagka't ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsagawa ng Salah dito at pinagpayuhan ang iba na gawin ito.

7. Ito ay Sunnah na dumalaw sa libingan sa Baqi na kinaroroonan ng puntod ni Uthman at ng mga martir ng Uhod. Kabilang na rin ang puntod ni Hamzah. Bumati ng Salam sa kanila at sila ay ipagdasal sa Allah, sapagka't ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay madalas dumalaw sa kanilang libingan at sila ay kanyang ipinagdarasal. At tinuruan niya ang kanyang mga kasamahan ng wasto at nararapat na Du'a (panalangin) kung sila'y dumalaw sa mga libingan katulad nito:

**"Assalaamu alaikum ahlad diyar minal mu`mineen wal muslimeen, wa inna insha Allah bikum laahiqoon. Nas alullaaha lana wa lakum al `afiyah."**

**(Ang kapayapaan ay sumainyong mga nananahan sa**

1 Ito ay hinago mula sa pag-ulat na isinalaysay nina Al-Baihaqi at Abdul Razzaq na kapag si Ibn Umar ay nagbalik mula sa paglalakbay, siya ay magtutungo sa mga libingan, ng Propeta (ﷺ), ni Abu Bakr at ng kanyang ama na si Umar at bumabati siya ng Salam sa kanila.

**pook na ito na mga Mananampalataya at mga Muslim. At sa kapahintulutan ng Allah, katiyakang kami ay susunod sa inyo. Hinihiling namin sa Allah ang Afiyah (kaligtasan mula sa Apoy ng Impiyerno at mula sa mga pasakit) para sa aming sarili at para sa inyo).[1]**

At wala ng iba pang mga Masjid o mga pook na dapat dalawin sa Madinah maliban na lamang sa mga Masjid at mga pook na binanggit sa itaas. Samakatuwid, huwag pahirapan ang sarili sa pagpunta sa mga ibang pook na wala namang nakalaang gantimpala para sa iyo, bagkus maaari pang magdulot ng pagkakasala para sa iyo. Ang Dakilang Allah ang nagkakaloob ng Patnubay.

## Ang Mga Pagkakamali Na Kadalasang Nagagawa Ng Ibang Nagsasagawa Ng Hajj

### Una: Pagkakamali Kaugnay sa Pagsuot ng Ihram.

Ang paglagpas ng isang nagsasagawa ng Hajj sa Miqat (itinakdang himpilan sa pagsuot ng Ihram) na kanyang

1 Ayon sa pag-ulat ni Muslim.

dinaanan nang hindi nakapagsuot ng kasuotang Ihram, hanggang sa siya ay makarating ng Jeddah o sa ibang lugar na lagpas ng Miqat at saka pa lamang siya magsusuot ng kasuotang Ihram. Ito ay taliwas sa kautusan ng Sugo ng Allah (ﷺ) na bawa't nagsasagawa ng Hajj ay kailangang magsuot ng kasuotang Ihram sa Miqat na kanyang unang madaraanan.

Ang sinumang lumagpas sa Miqat na hindi nakasuot ng kasuotang Ihram ay nararapat na bumalik dito at magsuot ng kasuotang Ihram kung maari. Nguni't kung hindi magawa ito, kailangang mag-alay ng isang tupa na kakatayin sa Makkah at ipakakain sa mga dukha (mahihirap). Ito ay nauukol sa lahat ng nagsasagawa ng Hajj na dumarating sa pamamagitan ng sasakyang panghimpapawid o sasakyang panlupa o sasakyang pandagat.

Kung walang madaraanan sa limang Miqat na kilalang-kilala ay dapat magsuot ng kasuotang Ihram kapag nasa tapat ng unang Miqat na madaraanan.

## Ikalawa: Pagkakamali Kaugnay sa Tawaf.

Ang ilang pagkakamali sa Tawaf ay ang mga sumusunod:

1. Ang maling pagsisimula ng Tawaf sa unahan ng al-Hajar al-Aswad (Batong Itim). Samantalang ang tamang pagsasagawa nito ay nagsisimula sa tapat mismo ng al-Hajar al-Aswad.

2. Ang maling pagsasagawa ng Tawaf sa loob ng Hijr ng Ka'bah, na nangangahulugan ng pag-ikot sa isang maliit na bahagi lamang ng Ka'bah kaysa magsagawa ng Tawaf sa kabuuang palibot ng Ka'bah, sapagka't ang Hijr ay bahagi ng Ka'bah. Kaya, ang pag-ikot sa loob ng Hijr ay hindi tinatanggap (walang kabuluhan).

3. Ang maling paglalakad nang mabilis at maliliit na hakbang (ar-Raml) sa pitong ulit na pag-ikot sa Tawaf. Samantalang ang tamang paglalakad nang mabilis na may maliliit na hakbang (ar-Raml) ay ginagawa lamang sa unang tatlong pag-ikot sa Tawaf al-Qudum.

4. Ang pagiging marahas sa pagtatangkang humalik sa al-Hajar al-Aswad (Batong Itim) na kung minsan ay nakapananakit o nakapang-aabuso ng kapwa nagsasagawa ng Hajj. Ang mga ganitong gawa ay hindi pinahihintulutan, sapagka't ito ay nagdudulot ng pinsala o pananakit sa kapwa Muslim. Kaya, hindi pinahihintulutan na manakit o mang-abuso sa kapwa Muslim ng walang makatarungang dahilan.

   Dapat tandaan na ang Tawaf ay mananatiling ganap at may bisa na kahit hindi mahalikan ang al-Hajar al-Aswad (Batong Itim). Sapat na ituro lamang ito ng kanang kamay at magsabi ng Allaahu Akbar, kapag napadaan sa tapat nito at kahit na ito ay may kalayuan.

5. Ang paghaplos o paghawak sa al-Hajar al-Aswad

(Batong Itim) na naglalayong magkaroon ng pagpapala mula rito ay isang Bid'ah na walang batayan sa Islam. Ang Sunnah lamang ay ang hawakan o halikan ito bilang isang tanda ng pagsunod sa Dakilang Allah.

6. Ang hawakan ang apat na sulok ng Ka'bah o ang lahat ng mga dingding nito at ipahid sa mukha. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi humawak sa anumang bahagi ng Ka'bah maliban lamang ang al-Hajar al-Aswad (Batong Itim) at ang al-Rukn al-Yamani.

7. Ang pagbigkas ng mga partikular na Du'a (panalangin) sa bawa't pag-ikot. Samantalang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi gumawa ng partikular na Du'a (panalangin) maliban lamang sa pagbigkas niya ng: Allaahu Akbar kapag nadaanan niya sa bawa't pag-ikot ang al-Hajar al-Aswad (Batong Itim). At sa pagitan ng al-Rukn al-Yamani at ng al-Hajar al-Aswad (Batong itim), siya ay nagsasabing:

   **"Rabbana atina fid dunya hasanatan, wa fil akhirati hasanatan, wa qina adhaban Naar."**

   **{(O), aming Rabb (Panginoon)! Pagkalooban Mo kami ng kabutihan sa mundong ito at kabutihan sa Kabilang Buhay, at iligtas Mo kami sa parusa ng Apoy}. [Qur'an 2:201]**

8. Ang pagtaas ng tinig nang higit sa ibang tinig, na

ginagawa ng ibang tao habang nagsasagawa ng Tawaf, ito ay nagbibigay ng pagkalito sa mga nagsasagawa ng pagsamba sa Allah.

9. Ang marahas na pagtatangka na magsagawa ng Salah (pagdarasal) sa Maqamu Ibrahim (himpilang kinatayuan ng Propeta Ibrahim). Ito ay taliwas sa Sunnah at ito ay nakasasakit at nakapipinsala sa ibang nagsasagawa ng pagsamba sa Allah. Sapat na ang magsagawa ng dalawang Rak`ah na Salah pagkaraang matapos ang Tawaf sa alinmang lugar na sakop ng Banal na Masjid (al-Masjid al-Haram).

## Ikatlo: Pagkakamali Kaugnay sa Sa’y

1. Sa pag-akyat sa Safa at Marwah, ang ilan sa mga nagsasagawa ng Hajj ay humaharap sa Ka’bah at nagsesenyas dito ng kanilang mga kamay habang nagsasabing: Allaahu Akbar na tila sila ay nagsasagawa ng Takbir para sa Salah. Ang Sunnah ay ang pagtaas ng dalawang palad katulad ng ginagawa sa pagsasagawa ng Du’a (panalangin).

2. Ang paglalakad nang matulin sa buong pagsasagawa ng Sa’y sa pagitan ng Safa at Marwah. Samantalang ang Sunnah ay ang paglalakad nang mabilis sa pagitan ng dalawang berdeng poste at paglalakad ng karaniwang lakad para sa nalalabing distansiya.

## Ikaapat: Pagkakamali Kaugnay sa Arafah

1. Ang maling pagtungo ng ilang mga nagsasagawa ng Hajj sa labas ng hangganan (boundaries) ng Arafah at mananatili roon hanggang sa paglubog ng araw at pagkaraan ay tutungo para sa Muzdalifah na hindi man lamang tumayo nang kahit sandali sa hangganan sakop ng Arafah. Ito ay malaking pagkakamali na magiging sanhi ng kawalang-saysay ng kanilang Hajj. Sapagka't, ang Wukuf (pagtayo at pananatili) sa Arafah ay siyang diwa ng Hajj. Kaya obligado sa kanila na tumayo o manatili sa sakop na hangganan ng Arafah at hindi sa labas ng hangganan nito. Kung hindi madali sa kanila na gawin ito, sila ay dapat pumasok sa sakop na hangganan ng Arafah bago lumubog ang araw at manatili doon hanggang sa paglubog ng araw. At pinahihintulutan din na pumasok sila sa Arafah sa gabi ng ikasampu ng Dhul Hijjah, ito ang Araw ng Pag-aalay.

2. Ang paglisan ng ilang nagsasagawa ng Hajj mula sa Arafah bago lumubog ang araw ay hindi pinahihintulutan, sapagka't ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay namalagi sa Arafah hanggang ang araw ay ganap nang lumubog.

3. Ang marahas na pagtatangka upang umakyat sa Bundok ng Arafah ay hindi pinahihintulutan, sapagka't ito ay nagbibigay-daan ng maraming pinsala at pananakit sa ibang tao. Ang buong kapatagan ng Arafah ay pook

na kung saan isinasagawa ang Wuquf (ang pagtayo na siyang pinakamahalagang ritwal ng Hajj), at ang pag-akyat sa bundok Arafah o pagsasagawa ng Salah doon ay hindi iminumungkahi.

4. Ang pagsasagawa ng ilan sa kanila ng Du'a na nakaharap sa Bundok ng Arafah ay isang kamalian, sapagka't ang Sunnah ay ang pagharap sa Qiblah habang nagsasagawa ng Du'a (panalangin).

5. Ang pamumulot ng mga bato sa Araw ng Arafah mula sa partikular na lugar dito ay walang batayan sa Relihiyon ng Allah.

## Ikalima: Pagkakamali Kaugnay sa Muzdalifah

Ang ilan sa mga nagsasagawa ng Hajj ay nagsisimulang mamulot ng mga bato sa oras ng pagdating nila sa Muzdalifah bago sila magsagawa ng Salah ng Maghrib at Isha'. At sila'y naniniwala na ang mga bato na ihahagis o ipupukol sa mga Jamarat ay dapat nagmula sa Muzdalifah.

Ang katotohanan tungkol dito ay ang mga bato ay maaaring pulutin saan mang pook na sakop ng Al-Haram (Banal na Himpilan ng Makkah). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi nag-utos na ipulot siya ng mga bato na ihahagis niya sa Jamrah al-Aqabah mula sa Muzdalifah. Nguni't, sa umaga pagkaraan ng kanyang paglisan mula sa Muzdalifah at pagpasok niya sa Mina doon siya mamulot ng mga bato

na ihahagis niya sa Jamrah al-Aqabah, at gayun din, ang ibang mga bato ay doon nila pinulot mismo sa Mina.

Ang ilan sa kanila ay hinuhugasan ng tubig ang mga bato, nguni't ito ay hindi itinatagubilin.

## Ikaanim: Pagkakamali Kaugnay sa Paghagis ng Bato.

1. Ang pag-aakala ng ilang mga nagsasagawa ng Hajj na ang pagpukol o paghagis nila ng mga bato sa mga Jamarat, ay pagpukol sa mga satanas (demonyo) doon. Kaya inihahagis nila ito sa mga Jamarat nang buong lakas at pagkapoot. Ito ay mali! Ang paghagis ng mga bato sa mga Jamarat ay ipinag-uutos upang bigyang alaala ang Dakilang Allah, samakatwid, ito ay isang uri ng Ibadah (pagsamba) sa Kanya.

2. Ang ilang mga nagsasagawa ng Hajj ay naghahagis ng naglalakihang mga bato, sapatos o mga piraso o isang putol ng kahoy. Ito ay isang kalabisan sa larangan ng relihiyon na ipinagbawal ng Sugo ng Allah (ﷺ) at ito ay hindi tinatanggap para sa paghahagis bilang ritwal ng Hajj. Nguni't, ang itinatagubilin ay ang paghagis ng maliliit na bato na kasing laki ng buto ng patani o sitaw.

3. Ang pagtutulakan at pakikipag-away sa kapwa sa lugar ng mga Jamarat upang maghagis lamang ng bato ay hindi pinahihintulutan. Ang itinatagubilin ay ang

pagiging mahinahon at marahang paghagis ng mga bato, na walang pananakit ng sinuman upang maiwasan ang anumang kapahamakan o di kaaya-ayang pangyayari.

4. Ang paghagis ng lahat ng bato nang sabay-sabay at isang beses lamang ay isang kamalian. Ang mga iskolar na Muslim ay nagsabi na ang sabay-sabay at isang beses na paghagis ng mga bato ay katumbas lamang ng isang bilang na paghagis.

   Ang itinatagubilin ay ang paghagis ng mga bato nang paisa-isa, habang binibigkas ang Allaahu Akbar sa bawa't paghagis.

5. Ang pagtatalaga sa ibang tao bilang kahalili upang ihagis ang mga bato para sa kanya na ang tanging dahilan lamang ay ang pangamba sa kapal ng tao o ang pangamba sa kahirapang mararanasan, samantalang may kakayahang ihagis ang mga ito, ay isang kamalian. Ang pag-uutos ng pagtatalaga ng kahalili sa paghagis ng bato ay hindi pinahihintulutan, maliban lamang sa mga walang kakayahang gawin ito para sa sarili, dahil sa karamdaman o iba pang makatwirang dahilan na katulad nito.

## Ikapito: Pagkakamali Kaugnay sa Tawaf al-Wida (Pag-ikot sa Ka'bah bilang Pamamaalam).

1. Ang paglisan ng ilang nagsasagawa ng Hajj buhat sa Mina patungong Makkah upang magsagawa ng Tawaf

al-Wida bago matapos ang paghagis ng bato sa mga Jamarat, at pagkaraan sila ay bumabalik sa Mina upang maghagis ng bato. Pagkatapos gawin ito, sila ay lumilisan patungo ng kani-kanilang bayan. Kaya, ang huling ritwal ng Hajj na kanilang naisagawa ay ang paghagis ng bato sa mga Jamarat at hindi ang Tawaf al-Wida sa Ka'bah. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Walang sinuman ang dapat lumisan maliban lamang na ang magiging huling ritwal niya ay (Tawaf al-Wida) sa Banal na Tahanan (Ka'bah)."**

Ang Tawaf al-Wida ay dapat isagawa pagkaraang gampanan ang lahat ng ritwal ng Hajj at bago maglakbay pabalik sa sariling bayan, at hindi na dapat manatili sa Makkah pagkatapos nito maliban lamang sa ilang sandali.

2. Ang paglabas sa al-Masjid al-Haram pagkaraan ng Tawaf al-Wida, na naglalakad nang patalikod at nakaharap sa Ka'bah, na ang pag-aakala'y iginagalang ang Ka'bah sa ganitong gawain. Ito ay isang uri ng Bid'ah na walang batayan sa Islam.

3. Pagkaraang isagawa ang Tawaf Al-Wida, ang ilang nagsasagawa ng Hajj ay humihinto sa may pintuan ng al-Masjid al-Haram at lumilingon sa Ka'bah upang manalangin na para bang sila ay nagpapaalam sa Ka'bah. Ito ay isa ring Bid'ah na walang batayan sa Islam.

## Ikawalo: Pagkakamali Kaugnay sa Pagdalaw sa Masjid ng Propeta (ﷺ):

1. Ang pagdampi ng mga kamay sa mga dingding at mga bakal, o ang pagtali ng mga sinulid at iba pang gawaing katulad nito, habang dumadalaw sa libingan ng Propeta (ﷺ) na may layuning makatanggap ng anumang pagpapala mula dito ay mga gawang Bid'ah. Ang pagpapala ay nagmumula sa pagsunod sa kautusan ng Allah at ng Kanyang Sugo (ﷺ) hindi sa paggawa ng Bid'ah.

2. Ang pagtungo sa mga Yungib ng Bundok Uhod, gayun din sa Gar Hira (Yungib ng Hira) at Gar Thaur (Yungib ng Thaur) sa Makkah, ang pagsabit ng ilang pirasong tela, pagsasagawa ng panalangin dito na hindi kailanman ipinag-utos ng Allah ang pagpapakasakit ng ganito. Ang lahat ng ito ay isinasaalang-alang bilang mga Bid'ah na walang batayan sa Islam.

3. Ang pagdalaw sa ilang pook na inaakalang may kaugnayan sa mga labing naiwanan ng Sugo ng Allah (ﷺ), katulad ng lugar na kung saan lumuhod ang kamelyo ng Propeta (ﷺ), at ang (tinatawag na) Bi`rul Khatim (balon ng singsing) o ang balon ni Uthman at ang pagkuha ng ilang dakot na lupa sa mga lugar na ito upang makatanggap ng pagpapala.

4. Ang pagtawag (pagdalangin) sa mga patay habang dumadalaw sa libingan ng Baqi o sa mga puntod ng mga martir ng Uhod at ang paghagis ng mga barya dito upang mapalapit o makatanggap ng pagpapala ng mga nakalibing dito. Ito ay isang malaking pagkakamali, samakatwid, ito ay isang uri ng malaking Shirk (pagbibigay katambal sa Allah), katulad ng pagkabanggit ng mga iskolar na Muslim at malinaw na pinatunayan ng mga Ayat (talata) ng Qur'an at Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ). Sapagka't ang lahat ng uri ng pagsamba ay para lamang sa Allah at ang ilan dito ay hindi pinahihintulutan na mag-alay sa iba bukod pa sa Allah, katulad ng panalangin (Du'a), pagkatay ng hayop at pagbibigay panata o sumpa at iba pang mga katulad nito. Ayon sa Salita ng Allah:

**{At walang ipinag-utos sa kanila maliban na sila ay sumamba lamang sa Allah nang buong katapatang pananampalataya para sa Kanya, Hunafa (lumilihis sa mga huwad na pananampalataya). At magsagawa sila ng pagdarasal at magbigay sila ng Zakah, at ito ang matuwid na pananampalataya}. [Qur'an 98:05]**

At ang Salita ng Allah:

**{At katotohanan, ang mga Masjid (pook ng pagsamba) ay para lamang sa Allah, kaya huwag kayong dumalangin sa kaninuman bilang kaagapay (katambal) ng Allah}. [Qur'an 72:18]**

Tayo ay dumalangin sa Allah, na nawa'y paunlarin Niya ang kalagayan ng mga Muslim at ipagkaloob Niya sa kanila ang ganap na pang-unawa sa relihiyong Islam at ilayo tayong lahat sa pagkaligaw at pagkakamali. Tunay! Na Siya ang Nakaririnig, (at Siya) ang tumutugon ng mga panalangin.

## Mga Maiikling Tagubilin Para Sa Mga Nagsasagawa Ng Hajj, Umrah At Pagdalaw Sa Masjid Ng Sugo (ﷺ)

1. Ang buong pusong pagsisisi sa lahat ng kanyang kasalanan at pagbabalik-loob sa Allah, at pumili ng Halal (pinahihintulutan sa Islam) na ari-arian upang gugulin para sa kanyang Hajj at Umrah.
2. Dapat niyang pangalagaan at pigilan ang kanyang dila sa pagsisinungaling, paninirang puri, panlilibak sa kapwa at panunuya.
3. Dapat niyang gawing malinis ang kanyang layunin sa pagsasagawa ng Hajj o Umrah na ito ay para lamang sa kasiyahan ng Allah, upang makamtan ang tagumpay sa Kabilang Buhay. Ang layunin ay hindi pakitang-tao o

kaya ay hindi para mapag-usapan lamang ng mga tao at ito ay hindi rin pagmamataas o pagyayabang.

4. Dapat niyang pag-aralan ang mga ritwal na ipinag-utos sa kanya para sa kanyang Hajj o Umrah, at magtanong tungkol sa mga bagay na hindi niya ganap na natutuhan o nauunawaan.

5. Kapag ang isang nagsasagawa ng Hajj ay dumating sa Miqat (himpilan ng Ihram), siya ay malayang pumili kung anong pamamaraan ng Hajj ang nais niyang isagawa: Ifrad, Tamattu' o Qiran. Ang Hajj at-Tamattu ay higit na mabuti para sa mga taong hindi nakapagdala ng Hady (ang natatanging hayop na isasakripisyo sa Makkah), samantalang ang Hajj al-Qiran ay higit na mabuti para sa mga taong may dalang Hady na isasakripisyo.

6. Kung ang isang nagsasagawa ng Hajj ay nangangamba na baka hindi niya magampanan o maisakatuparan ang kabuuan ng mga ritwal ng Hajj dahil sa karamdaman o pangamba at takot, siya ay dapat gumawa ng kondisyon sa kanyang layunin na:

   **"Wa in habasani haabisun fa mahalli haithu habasatni" (At kung saan man ako pipigilan ng pagsasagawa sa mga ritwal ay doon na rin ako tulutang magtapos ng pagpasok sa kalagayan ng Ihram."**

7. Ang Hajj ng mga bata ay may bisa, nguni't hindi ito sapat na Hajj para sa kanila ng itinakdang Hajj sa Islam.

8. Ang isang nagsasagawa ng Hajj ay maaaring maligo o magbasa ng kanyang ulo o magkamot sa anupamang bahagi ng katawan kung kinakailangan.

9. Ang isang babae ay maaaring magtakip ng kanyang mukha sa pamamagitan ng kanyang takip sa ulo kung nangangamba na ang mga kalalakihan na hindi niya **Mahram**[1] ay nakatingin sa kanya.

10. Ang nakaugalian ng mga kababaihan na maglalagay ng telang pantali ng ulo (headband) sa ilalim ng belo upang ilayo ito sa mukha ay walang batayan sa Islam.

11. Pinahihintulutang labhan o hugasan ng isang nagsasagawa ng Hajj ang kanyang kasuotang Ihram at muling isuot ito o magsuot ng panibagong kasuotang Ihram.

12. Kung ang isang nagsasagawa ng Hajj ay nagsuot ng damit na tinahi o tinakpan ang ulo o gumamit ng pabango ng dahil sa pagkalimot o kawalan ng kaalaman, wala siyang kabayaran (Fidyah) na dapat gawin.

---

1 Ang matatawag na Mahram ng isang babae ay yaong mga kalalakihan na bawal magpakasal sa kanya ayon sa batas ng Islam, katulad ng kanyang sariling ama, kapatid na lalaki, at mga tiyuhin (ang mga tunay na kapatid na lalaki ng kanyang mga magulang) atbp. Dapat alamin na ang pinsan na lalaki ay hindi kasali sa mga Mahram ng isang babae. (Ang tagasalin)

**13.** Ang isang nagsasagawa ng Hajj at-Tamattu' (pinagsunod na Umrah at Hajj) ay dapat na huminto sa pagbigkas ng Talbiyah kapag siya ay nakarating na sa Ka'bah bago magsimulang magsagawa ng Tawaf.

**14.** Ang paglalakad nang mabilis na may maliliit na paghakbang sa Tawaf at paglabas ng kanang balikat ay hindi itinatagubilin maliban lamang sa pagsasagawa ng Tawaf al-Qudum at ito ay angkop lamang para sa mga lalaki. At itong paglalakad nang mabilis ay ipinag-utos lamang sa mga unang tatlong pag-ikot ng Tawaf.

**15.** Sakaling nakalimot o nalito kung ilang bilang ng ikot na ang nagawa sa Tawaf, kung ito ba ay ikatlo o ikaapat, dapat ituring ito bilang ikatlo lamang (pagbatayan ang mababang bilang ng pag-ikot). Ganito rin ang dapat gawin sa pagsasagawa ng Sa'y.

**16.** Kung ang paligid ay puno ng tao (at gitgitan), walang masama kung ang pagsasagawa ng Tawaf ay lagpas sa Zamzam at sa Maqamu Ibrahim (o may kalayuan pang higit dito), sapagka't ang buong Banal na Masjid ay isang pook ng Tawaf, maging sa lapag o silong nito o sa itaas na palapag ng Banal na Masjid.

**17.** Kabilang sa mga ipinagbabawal o kasalanan ay ang pagsasagawa ng babae ng Tawaf na nakapalamuti (nakamake-up), gumagamit ng pabango at hindi niya tinatakpan nang maayos ang sarili.

18. Kung ang buwanang regla ng babae ay dumating, o kaya ay napanganak siya pagkaraang nasa kalagayan ng Ihram, hindi pinahihintulot sa kanya ang magsagawa ng Tawaf hanggang ang paglabas ng dugo ay humupa at siya ay ganap na nakapaligo.

19. Ang isang babae ay maaaring magsuot ng anumang damit para sa Ihram kung hindi nahahawig sa damit na panlalaki, at hindi nagpapakita ng kanyang kagandahan (adornments) na magiging sanhi ng tukso sa mga kalalakihan.

20. Ang pagpapahayag ng layunin para sa ibang gawang pagsamba maliban o bukod pa sa Hajj at Umrah ay isang Bid'ah at ang pagbigkas nito nang malakas ay higit na masama. (Ang layunin ay nasa isip at puso lamang)

21. Kung ang isang Muslim na nasa tamang gulang ay may balak (layunin) na magsagawa ng Hajj o Umrah, ipinagbabawal sa kanya na dumaan sa Miqat nang hindi nakasuot ng kasuotang Ihram.

22. Ang isang nagsasagawa ng Hajj o Umrah na naglalakbay sa pamamagitan ng sasakyang panghimpapawid ay dapat magsuot ng kasuotang Ihram sa mismong sasakyan kapag ito ay dumaan sa direksiyon ng Miqat. At dapat din siyang nakahanda para sa pagtakda ng layunin (pagpasok sa kalagayan ng Ihram) bago dumating sa

dakong gawing kinaroroonan ng Miqat, at wala ring masama kung siya ay magsuot ng kasuotang Ihram bago dumating sa direksiyon ng Miqat, lalo na kung siya ay nangagambang makatulog o makalimot habang siya ay nasa eroplano.

**23.** Ang ginagawa ng iba na paulit-ulit nagsasagawa ng Umrah mula sa Tan`im o sa Ji`ranah pagkatapos ng Hajj ay walang batayan mula sa Shari'ah (Qur'an at Sunnah).

**24.** Ang isang nagsasagawa ng Hajj at-Tamattu ay nararapat na muling manumbalik sa pagpasok sa kalagayan ng Ihram (sa pamamagitan ng pagbigkas ng Labbaika Hajjan) at magsuot ng kasuotang Ihram sa ikawalong araw ng Dhul Hijjah sa lugar na tinitirahan sa Makkah. Hindi na kailangang magtungo pa sa isang itinakdang pook na sakop ng Makkah katulad ng Mizab (ang tanda sa itaas ng Ka'bah) upang magsuot dito ng kasuotang Ihram, katulad ng ginagawa ng karamihan, at hindi rin kinakailangang magsagawa ng Tawaf ng Pamamaalam (Tawaf al-Wida) para sa kanyang paglisan mula sa Makkah patungong Mina.

**25.** Higit na mabuti na magtungo sa Arafah mula sa Mina sa ikasiyam na araw ng Dhul Hijjah pagkasikat ng araw.

**26.** Hindi pinahihintulutan na lumisan mula sa Arafah sa ika-siyam na araw ng Dhul Hijjah bago lumubog ang

araw. At kapag lumisan ang isang nagsasagawa ng Hajj pagkatapos lumubog ang araw, nararapat siyang lumisan nang tahimik at mahinahon.

**27.** Ang Salah na Maghrib at Isha ay dapat isagawa pagkarating sa Muzdalifah, maging sa oras ng Maghrib o ng Isha.

**28.** Pinahihintulutang mag-ipon ng mga batong panghagis sa mga Jamarat kahit saan mang lugar na sakop ng hangganan ng al-Haram (Makkah), at hindi kailangang magmula lamang sa Muzdalifah.

**29.** Hindi ipinapayo na hugasan ang mga batong panghagis, sapagka't ang Sugo ng Allah (ﷺ) at maging ang kanyang mga kasamahan ay hindi ginawa ito.

**30.** Pinahihintulutan sa mga mahihinang babae, mga bata at mga katulad nila na mula sa Muzdalifah ay magtuloy patungong Mina sa mga huling bahagi ng gabi.

**31.** Kapag dumating ang isang nagsasagawa ng Hajj sa Mina sa araw ng Eid (ika-10 ng Dhul Hijjah) nararapat na itigil niya ang pagbigkas ng Talbiyah kapag nagsimulang maghagis ng bato sa Jamrat al- Aqabah (ang malaki).

**32.** Sa paghagis ng mga bato, hindi kinakailangan na ang mga bato ay tumama mismo sa poste ng mga Jamarat, bagkus ang kailangan lamang ay maipasok ito sa mismong Jamarat.

**33.** Ayon sa pinakamatibay na kapasiyahan (legal opinion) ng mga iskolar na Muslim, ang takdang panahon ng pagkatay ng hayop ay umaabot hanggang sa paglubog ng araw sa ika-13 ng Dhul Hijjah.

**34.** Ang Tawaf al-Ifadah sa ika-10 ng Dhul Hijjah ay isang mahalagang bahagi ng Hajj, at hindi magiging ganap ang Hajj kung wala ito. Magkaganoon man, ito ay maaaring ipagpaliban hanggang matapos ang pananatili sa Mina.

**35.** Ang isang nagsasagawa ng Hajj al-Qiran (pinagsabay na Hajj at Umrah) ay dapat na magsagawa lamang nang isang beses na Sa'y. Ganito rin ang dapat gawin ng isang nagsasagawa ng Hajj al-Ifrad.

**36.** Higit na makabubuti sa isang nagsasagawa ng Hajj na gawin ang mga ritwal na kanyang isasagawa sa araw ng Pag-alay (Araw ng Eid) sa paraan ng pagkasunud-sunod: Magsimula sa paghagis ng bato sa Jamrat al-Aqabah, pagkaraan nito, ay magkatay ng hayop (Hady), kasunod nito, ay ang pagpapakalbo o paggupit ng kanyang buhok, pagkaraan nito, ay magsagawa ng Tawaf al-Ifadah sa Ka'bah, kasunod nito, ay ang pagsasagawa ng Sa'y. Magkaganoon man, kung isasagawa ang mga ritwal na ito sa ibang paraan ng pagkasunud-sunod ay walang masama.

**37.** Ang pagbabalik sa karaniwang kalagayan pagkaraan

ng kalagayang Ihram ay matatamo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga sumusunod:

a. Ang paghagis ng Bato sa Jamrat al-Aqabah,

b. Ang pagpapakalbo o paggupit ng buhok sa ulo,

c. At ang pagsasagawa ng Tawaf al-Ifadah.

38. Kung ang isang nagsasagawa ng Hajj ay nagpasiyang paikliin ang pananatili sa Mina na dalawang araw lamang, kailangan makaalis mula rito bago lumubog ang araw.

39. Ang bata na hindi kayang maghagis ng bato, ang kanyang tagapangalaga ay siyang dapat maghagis ng bato para sa bata, pagkaraang siya ay nakapaghagis na ng bato para sa kanyang sarili.

40. Ang isang nagsasagawa ng Hajj na walang kakayahang maghagis ng bato ng dahil sa karamdaman o katandaan, o iba pang dahilang makatwiran ay pinahihintulutang kumuha ng isang tao upang gampanan ang paghagis ng bato para sa kanya.

41. Ang isang taong pinili upang maghagis ng bato ay kailangan maghagis muna ng bato para sa kanyang sarili at pagkaraan ay maghagis siya ng mga bato para sa taong nagtalaga sa kanya sa paghagis. Ito ay kanyang isasagawa sa bawa't Jamrat.

**42.** Isang tungkulin ng isang nagsasagawa ng Hajj at-Tamattu' o Hajj al-Qiran - na hindi naninirahan sa al-Masjid al-Haram - ang mag-alay ng Hady (isang hayop na kakatayin). Ito ay maaaring isang tupa (na kakatayin sa Makkah) o ikapitong bahagi ng isang kamelyo o ikapitong bahagi ng isang baka.

**43.** Kung ang isang nagsasagawa ng Hajj ay walang kakayahang mag-alay ng Hady, siya ay nararapat na mag-ayuno ng tatlong araw sa panahon ng Hajj at pitong araw pagkaraang bumalik sa kanyang bayang pinagmulan.

**44.** Higit na mabuti sa isang nagsasagawa ng Hajj na isagawa ang pag-aayuno ng tatlong araw bago sumapit ang Araw ng Arafah, upang hindi siya mag-ayuno sa Arafah, dahil kung hindi niya nagawa ito, siya ay mapipilitan na mag-ayuno sa mga araw ng Tashriq (Ito ang ika-11, 12, at 13 ng Dhul Hijjah).

**45.** Pinahihintulutang isagawa ang nabanggit na pag-aayuno ng tatlong araw nang magkakasunod o magkakahiwalay (may pagitan o patlang). Nguni't ito ay hindi pinahihintulutang ipagpaliban makalipas ang mga araw ng Tashreeq (ang ika-11, 12 at 13 ng Dhul Hijjah). Ganito rin ang pag-aayuno ng pitong araw na maaaring isagawa nang magkakasunod o magkakahiwalay.

**46.** Ang Tawaf al-Wida (Pamamaalam) ay dapat isagawa ng bawa't nagsasagawa ng Hajj maliban lamang sa isang babaing may buwanang regla o dinurugo sanhi ng panganganak.

**47.** Ang pagdalaw sa Masjid ng Propeta (ﷺ) sa lungsod ng Madinah ay isang Sunnah, na maaaring gawin bago ang panahon ng Hajj o pagkaraan ng Hajj o kahit sa anumang panahon ng taon.

**48.** Sa pagdalaw ng Masjid ng Propeta ng Allah (ﷺ), isang Sunnah na simulan ito ng pagsasagawa sa dalawang Rak'ah na Salah bilang pagbibigay galang sa Masjid kahit saan mang lugar sa loob nito. Nguni't, higit na mabuti kung ito ay maisagawa sa Rawdah (Hardin).

**49.** Ang pagdalaw sa libingan ng Propeta (ﷺ) at iba pang mga libingan ay pinahihintulutan lamang sa mga kalalakihan at hindi sa mga kababaihan, at sa kondisyon na ang paglalakbay ay hindi dahil sa pagdalaw sa libingan[1].

**50.** Ang paghaplos sa mga dingding ng puntod ng Propeta (ﷺ) o ang paghalik dito o ang pagsasagawa ng Tawaf sa palibot nito ay mga Bid'ah na mahigpit na ipinagbabawal

---

1 Ang layunin ng pagtungo sa Madinah ay upang dalawin ang Masjid ng Propeta (ﷺ) at hindi ang kanyang libingan, nguni't habang naroroon, itinatagubilin para sa mga Muslim na dumalaw sa libingan ng Propeta (ﷺ) at batiin siya ng Salam. [Ang Tagasalin].

sa Islam, na hindi ginawa ng mga sinaunang mabubuting Muslim. At kung ang pagsasagawa ng Tawaf dito ay ang pag-aakalang sila ay mapapalapit sa Propeta (ﷺ), magkagayon ito ay itinuturing na malaking **Shirk** (pagbibigay katambal sa Allah).

**51.** Hindi pinahihintulutang manalangin kay Propeta Muhammad (ﷺ) para sa katuparan ng mga kahilingan o para mapawi o maglaho ang anumang siphayo, pighati o karamdaman.

**52.** Ang buhay ng Propeta ng Allah (ﷺ) sa kanyang libingan ay isang kakaibang buhay na nasa kalagayan ng **Barzakh** (isang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at Pagkabuhay na muli sa Araw ng Paghuhukom), at hindi ito katulad ng buhay niya sa mundong ito bago siya namatay. At tanging ang Allah lamang ang nakaaalam sa likas at katotohanan ng buhay sa Barzakh.

**53.** Ang ginagawa ng ilang tao na dumadalaw sa libingan ng Propeta (ﷺ) na nananalangin dito habang nasa harapan ng libingan at itinataas ang mga kamay ay isang gawaing Bid’ah (mga gawaing salungat sa aral ng Islam).

**54.** Ang pagdalaw sa libingan ng Propeta (ﷺ) ay hindi isang tungkulin, ni hindi isang kondisyon para sa kaganapan ng Hajj, katulad ng pag-aakala ng ilang karaniwang tao.

**55.** Ang mga Hadith (salaysay, aral o winika ng Sugo ng Allah ﷺ) na iniulat ng ibang tao na nag-uutos sa paglalakbay upang dumalaw sa libingan ng Propeta (ﷺ) ay walang matatag na batayan at hindi ito maaaring mapananaligan o di kaya naman ang mga ganitong Hadith ay Dha`if (mahina at di-mapananaligan) at gawa-gawa lamang.

**Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob ng Dakilang Allah kay Propeta Muhammad (ﷺ), sa kanyang pamilya at mga kasamahan.**



IslamHouse.com

IslamHouseTl islamhouse.com/tl/ islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

Guidetolslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126